22100227

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Thursday 13 May 2010 (afternoon)
Jeudi 13 mai 2010 (après-midi)
Jueves 13 de mayo de 2010 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.





© International Baccalaureate Organization 2010

https://xtremepape.rs/

*Magsulat ng isang komentaryo sa* ***isang*** *sipi lamang.* ***Hindi*** *kailangang tumugon nang diretsahan sa mga gabay na tanong. Gayunpaman, hinihikayat kayong gamitin ang mga ito para sa paglunsad ng inyong komentaryo.*

**1.**

Isang tandangsorang bulaklakin ang nadukot ni Jing sa bulsa. Kinapa niya ang shorts, baka may naliligaw pa. Kahit perang may ulo ni Lapulapu. Kahit alam niyang wala na.

Kinabahan siya nang malapit na sa desk niya ang guro nilang namumudmod ng *nutribun*. Kulang pa ng singko ang pera niya. Naghanda siyang mahampas ng ruler ng guro. Napalunok sa kaisipang babagsak siya sa klase. Bahagi ng marka nila ang pagbili ng *nutribun*.

Tuwing tanghali, naglalakad siya patungong kabilang ibayo para makapag-*daycare*. Tuwing simula ng klase, pinapaalalahanan sila ng guro na magpasalamat sa pamahalaan sa libreng edukasyon nila.

Kalahati pa lang ng biyahe, naliligo na siya sa pawis. Uhaw na uhaw sa init na parang lumulusaw sa abot-tanaw. Sanay na siya pero kanina hindi na siya nakatiis.

Ipinambili niya ng *Pop Cola* ang baon sa tindahan sa tulay. Pinasalin niya ito sa plastic gaya ng ginagawa sa gulaman. Para kasing mas sumasarap. Ang lambot-lambot. Parang nakakapawi na ng uhaw ang mismong paghawak pa lang sa pawisang plastic.

Pinagbawalan siya ng nanay niyang bumili kay Ka Narcing. Sayang ang baon kung ibibili lang ng kung ano-ano. Panakot pa ng nanay niya, doon daw madalas ang Mamumugot. Nangongolekta raw ito ng ulo ng mga bata. Isinisilid sa sako at isinasampay sa tulay.

Nakayuko siyang inabot kay Ka Narcing ang bayad. Tinitigan ang tatak ng Bagong Lipunan sa bente-singko habang sinisidlan ng *straw* ang *soft drink*. Sadya niyang iniwasang makita ang peklat ng tindero sa pisngi. Mahaba, parang nataga. Biktima ng Mamumugot, bida ng kaklase niya.

Nang paalis na siya, may mga dumating na PC. Pinagpalagay ni Jing na inaabangan ang Mamumugot. Naghalo ang pagka-*guilty* niya. Ligtas pa siya sa Mamumugot.

Hindi niya nasabi sa nanay niyang pinapapunta ito sa paaralan. Nakakailang beses nang hindi nakakabili ng *nutribun* si Jing. Mukhang sigurado na ang pagbagsak niya.

Naisip na niyang banggitin sa nanay niya pagkatapos manood ng *Kaluskos Musmos*. Kung hindi lang siya nabulabog ng magkakasunod na putok ng baril doon sa may tulay.

"Hawa naman," naisip niya. Masugid niyang sinusubaybayan ang pakikipagsapalaran ni Andres Bukid, isang tauhan sa *Kaluskos Musmos*. Masaya siya tuwing pinapanood ang mga kapwa niya batang nagpapatawa sa telebisyon.

Nag-*brown-out* habang nagpuputukan. Pinapaypayan na siya ng nanay niya sa papag nang magkakuryente muli.

Piningot siya ng nanay niya nang magtapat kinaumagahan. Bakit daw ngayon lang? Anong kabulastugan naman ang ginawa niya? Mas naiyak si Jing dahil sa murang napala niya.

Halos kaladkarin siya ng nanay niya papuntang paaralan. Umiiyak at kinakabahan na baka makahalata ang nanay niya na bumibili siya sa tindahan ni Ka Narcing.

Pagdating sa tulay, pansin agad nila ang kumpol ng mga tao. Nakiusyoso na rin sila.

Hinilakbot si Jing pagkakita sa pawisang bangkay sa bangketa. Paglapit pa, napatunayan niyang panakot lang sa kanila ang Mamumugot. Hindi batang tulad niya ang patay na hubo't hubad at wala nang ulo.

Zosimo Quibilan, Jr., *Pop Cola* (2006)



https://xtremepape.rs/

– Paano nakakatulong sa mambabasa ang paglalarawan kay Jing para makabuo ng mga impresyon sa kalagayang panlipunan at sa disiplina na pinaiilalim ang mga bata?

– Ano kabuluhan ng *nutribun* at *Pop Cola* sa kwento?

– Gaano kamabisa ang paggamit ng kwento tungkol sa Mamumugot sa pagbunyag ng isang nakaririmarim na realidad?

– Talakayin ang kahulugan at kabuluhan ng katapusan ng kwento.



https://xtremepape.rs/

**2.**

At pagkagat na ng dilim ang gagambang mapalalo
may umang na bitag-sapot sa duklay ng isang puno;
pagkatapos, magkukunwang isang likhang sakdal-amo,
bago-bago'y nag-aabang ng hayop na masisilo.

Bawat munting gamugamong masagi sa sutlang bahay
ang gagamba'y natutuwang lamukusin at saputan;
ga-karayom na tutubi't mga lamok sa kahuyan
kung silain ng gagamba ay ni walang pakundangan.

Ngunit isang hatinggabi, sa tahanan niyang lambat
may nasagi at nasilong isang munting alitaptap;
ang gagamba ay natuwa, na halos ay humalakhak
at nakitang bagong huling sa sapot ay pumapalag.

Itong munting alitaptap nang anyo nang sisilain
nitong ganid na gagamba na kilabot sa tag-dilim…
sa tiyan ng alitaptap, kaagad na pinagningning
ang kutitap na animo'y mga kislap ng patalim.

Ang gagamba ay natakot… nangubli sa mga dahon
at sa tama ng liwanag, wari'y naging mahinahon;
Tila niya nakilalang sa luningning na sumaboy
di lahat na munting bagay ay madaling malalamon.

At ang munting alitaptap ay naligtas sa panganib
nakaalpas… at ang sapot ay nagahi at napunit;
ang mayabang na gagambang dati-rati'y mabalasik,
sa maliit ay natutong gumalang nang matahimik.

Emilio Mar. Antonio, *Gagamba at Alitaptap* (1932)

– Suriin kung paano inilarawan ang gagamba at kung aling mga katangian nito ang pinatingkad sa tula.

– Anong mga kasangkapang pampanitikan ang ginamit sa tula para gawing dramatiko ang engkwentro ng gagamba at alitaptap?

– Sa iyong palagay, anong mga isyung pantao at panlipunan ang ipinahihiwatig ng labanang naganap sa pagitan ng gagamba at alitaptap?



https://xtremepape.rs/